

# CHAPTER *One*

*P*inigil ni Antonia ang hikab at sinimsim ang red wine na nasa harapan niya. Kasal ng pinsang si Cindy at isa siya sa mga abay. Gustung-gusto na niyang magpaalam kung hindi lang nakakahiya sa mga magulang ng pinsan na parehong malapit sa kanya.

Ang kapatid ni Cindy na si Carla ay nauna nang ikasal noong nakaraang taon.

Si Antonia ay nag-iisang anak. Sa kanilang magpipinsan ay dalawa na lamang sila ni Hannah na single. At hindi niyon pinagagaan ang loob niya dahil si Hannah ay nasa fourth grade lang at siya ay trenta y uno na. At hindi nakaranas ng boyfriend.

Noong nag-aaral pa siya ay napakahigpit ng

kanyang itay at inay na parehong mga guro. Simula elementarya hangga kolehiyo ay roon siya nag-aral sa paaralan kung saan parehong nagtuturo ang mga magulang. Kung may nagbabalak mang manligaw sa kanya ay lalong napigilan nang maging principal ang kanyang itay ng high school department.

Ngayon ay isa na rin siyang guro at pareho nang retirado ang mga magulang. Halos ipagtulakan na siyang mag-asawa. Ang problema, wala na siyang manliligaw. Dahil na rin siguro sa pagiging istriкто ng mga magulang ay naging sobra siyang mapili. Hindi na niya namalayang sumuko na ang mga manliligaw.

Naging malaking hamon lang sa kanya ang pagiging single nang tumuntong siya sa edad na bente siete at isa-isang nagpakasal ang mga pinsan niya.

Napayuko siya nang tawagin ng host ang lahat ng mga kadalagahan. Ihahagis na ng bride ang bouquet nito at sa palagay niya ay ito ang pinaka-traumatic na bahagi ng kasalan.

“Antonia...” Kinalabit siya ng ina.

Napangiwi siya.

Sino ba naman ang magkakainteres kung pati pangalan niya ay walang kadating-dating? Ginawa na niyang Toni ang pangalan simula nang

magturo siya. Ang mga kaibigan at estudyante ay nakasanayang Toni ang tawag sa kanya.

Pero hindi ang mga magulang niya. Ayon sa mga ito ay panlalaki ang pangalang Toni.

*Eh, bakit kasi Antonia ang pangalan ko?*

“Naiihi ako, Nay.” Tumayo siya upang tumakas. Mabilis siyang humakbang palayo bago pa mapigilan ng ina.

Bago pa niya marating ang pinto palabas ng function hall ay umalingawngaw na ang tinig ng host na tinatawag ang pangalan niya. She forced a smile at lumingon dito. Ang mga kamag-anak niya ay pawang mga nakangiti lalo ang mga pinsan niya. Tila tuwang-tuwa ang mga ito na mailagay siya sa ganitong sitwasyon tuwing may ikinakasal na kapamilya.

*I hate it!*

“Miss Toni! Please join us,” masiglang tawag ng host. Pinigil niyang sumimangot.

Bente dos lang si Cindy at ang karamihan sa mga nakatayo sa likuran nito para mag-agawan sa bouquet ay mga kaedad lang nito. Needless to say, siya ang pinakamatanda. At hindi iyon naitago ng pagkakapare-pareho ng estilo at kulay ng gowns nila.

Naninigas na inihakbang niya ang mga binti palapit. Niluwangan niya ang pagkakangiti habang

palapit sa mga ito. Siyempre hindi niya ipapakita sa mga ito kung gaano naghihimagsik ang kalooban niya.

Pumuwesto siya sa pinakalikod. Wala siyang planong sumalo ng bulaklak. Katakot-takot na kantiyaw ang napala niya noong huling beses na nangyari iyon. Ang nakasalo ng garter noon ay kaklase ng pinsan niyang lalaki. Pagkatapos ng wedding ay naging textmates sila nang ilang linggo.

Nang hindi sinasadyang mabanggit niya ang edad, noon ay bente-nueve siya, sinabi ng textmate na baka mahirapan na raw pala siyang magbuntis. Natigil ang pagti-text nito at nalaman na lamang niyang may girlfriend na. Ngayon ay dalawa na ang anak nito sa ex-girlfriend at isa sa kasalukuyang kinakasama.

*Ang herodes at may balak palang magparami ng lahi!*

Naputol ang pagmumuni-muni ni Toni nang tumama sa mukha niya ang bouquet at nag-landing sa mga kamay niya. She smiled awkwardly. Iginiya siya ng host paupo at lumapit ang nakakuha ng garter.

“Higher! Higher!” kantiyaw ng mga bisita.

Ibinalik niya ang atensyon sa binatang kaharap. Malamang kaedad lang din ito ni Cindy. Tall and

lanky. Papasa pang high school student sa porma. Pinagpapawisan ito at siya man ay naninigas na ang mukha sa pagkakangiti.

“Pasensya na po, Tita,” sabi ng binata habang itinataas pa sa gitna ng hita niya ang garter.

“Tita?” Nanlaki ang mga mata ni Toni kasabay ng tila pag-akyat ng dugo sa ulo niya. Okay lang na tawagin siyang ‘Tita’ ng mga estudyante niyang nasa elementary. *Pero ito?*

Iniunat niya ang legs at nawalan ito ng balanse at natumba patihaya. Natahimik ang mga bisitang kanina lang ay nagtatawanan at nagkakantyan.

Tumayo siya at pilit na ngumiti. “I really have to go to the bathroom.” Napipilitang iniabot niya ang kamay sa binata at tinulungan itong makatayo.

Mabilis na nakabawi ang host. Hindi pa siya nakakababa ng stage ay nagkakasiyahan nang muli ang mga bisita.



Hindi na siya bumalik sa party. Naka-check in sila sa katabing hotel at nag-text na lang siya sa inay niya na mauuna ng umakyat sa kuwarto. Matamlay niyang binura ang makeup bago hinubad ang gown para mag-shower. Nanlalagkit ang buhok niya mula sa hairspray at matiyagang tinanggal niya ang mga hairpins.

Ang sabi ng co-teachers niya ay mukha raw siyang bata kaysa sa edad niyang trenta y uno.

*Well, they're your friends, Toni.*

Inilapit niya ang mukha sa salamin matapos tanggalin ang eyeglasses. Wala pang wrinkles ang makinis niyang balat. Hindi kaputian pero makinis. Nang umuso ang mapuputi ay sinubukan niyang mag-gluta pero hindi umepekto sa kanya. Nagka-pimples lang siya.

Ang buhok niya ay itim na itim, hanggang baywang at may natural na wave. Dati ay maikli iyon at pinahaba na lamang niya nang tumuntong siya sa 'huling biyahe'. Ang mga mata niya ay bilugan na maliliit ang dulo. Katamtaman ang tangos ng kanyang ilong at makipot ang mga labi.

Ang sabi ng mga kaibigan niya, maganda raw siya. Pero suplada. At masungit, dagdag ng mga estudyante niya. Matapos mag-shower ay nagsuot siya ng komportableng T-shirt at shorts na hanggang tuhod. Nahiga siya at tuluyang nakatulog bago pa pumanhik ang mga magulang.

Maliwanag na nang siya ay magising.

“Bumangon ka na diyan at tara nang mag-almusal sa ibaba.”

“Nay, alas siete pa lang,” reklamo niya matapos sulyapan ang relo.

“Nasa ibaba na ang itay mo,” sabi nitong nagbibihis.

“Babalik na rin ba tayong Maynila ngayon?” tanong niyang naupo.

“Babalik na kami ng itay mo. Walang mag-aasikaso sa tindahan.” Nagtayo ng maliit na grocery ang mga magulang noong nagretiro. “Pero nagyayaya pa ang mga pinsan mo na pumunta sa isang island resort malapit dito. Kung gusto mong sumama ay makisabay ka na lang din sa kanila pabalik ng Maynila.”

Nagpakailing-iling siya. “Hindi na ho.”

“Paano ka magkakanoby, hindi ka nakikihalubilo.” Sinuklay ng ina ang buhok nito. “At kahapon, pakiwari ko ay sinipa mo ang binatang naglalagay ng garter sa hita mo.”

Hindi niya napigil ang tawa at nanlaki ang mga mata ng ina.

“Antonia!” saway nito.

“Nay, unang-una, trenta y uno na ako. Si Cindy ay bente dos. Paano ako makikihalubilo sa mga kaedad niya? At iyong binata na nasipa ko, well, hindi sinasadyang nasipa ko—” pagtatama niya nang muling nanlaki ang mga mata ng ina, “ay tinawag akong ‘tita’. I was horrified! Mukha na ba akong tita niya?” Binuksan niya ang bag at kumuha ng malinis

na damit.

“Alam kong napi-pressure ka na sa mga pinsan mo. At siguro sa amin.” Naupo ang ina sa gilid ng kama paharap sa kanya.

“Hindi naman, Nay,” kaila niyang iniwas ang tingin.

“Pero kasi, anak, ikaw na rin ang nagsabi na trenta y uno ka na. Sana man lang ay may nobyo ka. Ang lahat ng mga pinsan ko ay nagsipag-asawa bago magbente-cinco. Ako ay bente tres.”

“Nay, iba na ho ang panahon ngayon.” Duda siya sa sariling pahayag. Bakit ba kasi kahit isang manliligaw ay wala siya?

“Kapag nasa trenta na ay mahihirapan nang magbuntis ang isang babae.”

“Nay, thirty-five ang sabi ng OB.”

“At hihintayin mo pang mag-thirty-five ka!” Tila isang malaking kasalanan ang sinabi niya. “Kung sana ay may nobyo ka man lang. Paano kapag namatay kami ng itay mo, sino ang makakasama mo?”

“Si Insiang.” Ngumisi siya.

Si Insiang ay anak ng school janitor nila. Patricia ang buo nitong pangalan at nakasanayan lang niyang tawaging Insiang. Naging estudyante niya ito at nang mapatigil ito sa pag-aaral dahil sa kahirapan



ay nagprisinta siyang pag-aralin ito. Ngayon ay graduating na ito sa kursong Accountancy.

“Hindi natin kamag-anak si Insiang. Iiwan ka rin niya kapag nakapagtrabaho at nagkaroon ng sariling pamilya.”

“Nay, usapan namin ni Insiang na hindi muna siya magnonobyong hangga’t hindi ako nagkakaasawa.” Totoo iyon. Pero hindi niya alam kung gaano kaseryoso si Insiang nang mangako ito.

“Maghanap ka na lang ng nobyong para makampante na kami ng itay mo. Tahimik lang ang itay mo pero pareho kaming nag-aalala na tumanda kang mag-isa.”

“Nay, kilala n’yo naman ang co-teachers ko. Kung hindi may asawa na, eh, bakla naman.”

“O, eh, di mag-bar ka. Baka may makilala ka roon.”

Umangat ang kilay niya. *Ang inay niyang konserbatibo, pinapupunta siya sa bar?* “Nay, alam mo bang maari akong mapahamak sa mga bar na iyan?”

Ikinumpas nito ang kamay. “Kung magkakanobyong ka naman at magkakaasawa, eh, isugal na natin.”

Natawa si Toni bago tumayo mula sa kama. “Nay, bumaba na kayo at mag-almusal. Susunod na ako.” Tinungo na niya ang banyo bago pa madugtungan

ang usapan nila.



“Bar?” natatawag ulit ng kaibigang si Malou.

Ikinuwento niya rito ang naging usapan nila ng ina. Elementary teacher din ito at bagaman bago lang ay nakagaaanan agad niya ng loob. Ang isa pa nilang kaibigang si Cel ay school nurse naman. Dalawa lang sila sa faculty room.

“Bakit nga ba hindi natin subukan?” suhestiyon nito.

Umiling siya. “Naalala mo noong sumama kami ni Cel kina Arlene?” Umiling ito. “Nahipuan ako at napaaway lang ang boyfriend ni Cel sa pagtatanggol sa akin.” Umiling-iling siya. “Ayoko na ng ganoong scenario.”

“So, paano ka matutunton ni Mr. Right? Ang mga teachers dito, kung hindi may asawa ay paminta.” Halos iyon din ang sinabi niya sa ina. “At ang janitor natin, wala nang maipakain sa pamilya niya, ’wag ka nang kumabit.”

Humalakhak siya.

“Magagalit pa sa akin si Insiang.” Natawa rin ang kaharap.

“At please lang, ’wag ang mga estudyante mo. Baka mareklamo ka. At feeling ko hindi mo type ang guard natin.”

Hinampas niya ang braso nito. “Gaga.” Tumayo siya at dinampot ang mga gamit. “Lalakad na ako, bago pa ako mahawa sa kagagahan mo.”

“Sumama ka na kasi sa kasalan ni Cel. Baka nasa probinsya ang soulmate mo.”

Huminto si Toni sa tabi ng pinto. “Ang layo,” reklamo niya. “*Callao Cave!*”

“Mag-eroplano tayo pa-Tuguegarao.” Ngumisi ito. “Libre mo ako.”

“Wala akong budget.” Binuksan na niya ang pinto at lumabas.

“Pag-isipan mo!” pahabol nito.



Nililigpit na niya ang gamit nang sumungaw si Malou sa pintuan ng classroom.

“Nagpaalam na ako kay Sir Dela Rosa,” tukoy nito sa principal nila. “Pinayagan na ako.”

“O, eh, di lalo na akong hindi pinayagan.”

“Bakit naman?”

“Kulang na ang guro sa paaralan natin. Puwede bang ipagpaliban mo muna ang iyong leave kung hindi rin lang naman emergency? Para sa mga bata, Miss Madrigal.” Pinalaki niya ang boses at ginaya ang principal nila.

“Malay mo naman. Subukan mo rin,” sabi ng kaibigan matapos tumawa.

“Pustahan, hindi ako papayagan.”

“Try nga, eh. Maano bang sumubok ka? Kaya hindi ka nagkakajowa, eh. Lagi ka na lang advance mag-isip. Nega. Eh, paano kung puwede pala?”

“Ano’ng koneksyon ng jowa sa pagpapaalam mag-leave?” Lumabas na sila ng classroom.

“Pag nagka-leave ka baka may chance na makakilala ka ng jowa sa Tuguegarao or Cagayan.”

Sumimangot si Toni. “Ayoko ng LDR. Paano ako magkakaanak kung LDR kami?”

“O, ’ayan, advance na naman mag-isip. Malay mo puwede siyang dito mag-stay? Tagapagmana ka naman ng grocery, eh, di ikaw na ang sumuporta sa kanya.” Siniko niya ito na tinawanan lang nito. “O di kaya ikaw ang tumira sa Norte.”

“Bakit ba kailangang sa Cagayan pa magpakasal si Cel? Taga-Laoag naman si Edwin,” reklamo niya.

“Eh, kasi nga doon sila sa kuweba nagkakilala. Alam mo na, drama-drama epek ng friend natin. Noong kaka-break lang nila ni Paul, si Edwin ang naging tagapagligtas niya.”

Nang iwan itong buntis ng ex na si Paul ay nagbakasyon si Cel sa Ilocos. Hindi nila akalain na nakarating pa ito ng Tuguegarao at Cagayan. Pagbalik nito ay naka-move on na. At may bagong pag-ibig nang nakilala.

*Love heals*, sabi nito.

Makaraan ang dalawang buwan ay nobyo na nito si Edwin. Tinanggap ni Edwin ang pagbubuntis ni Cel at ngayon nga ay magpapakasal na ang dalawa.

“Malay mo nasa kweba rin ang soulmate mo,” hirit ni Malou.

“Tigilan mo na ako.”

“Halika na, magpaalam ka nang mag-leave.”

“Lalo akong hindi papayagan kapag magkasunod tayo.”

“Well, may point ka.”

“Sa makalawa ako magpapaalam.” Wala siyang planong um-attend sa kasal ni Cel. Iniisip pa lang niya ang layo ng biyahe ay nahihilo na siya.

Nahihilo at nagsusuka siya kapag nagba-bus. Imposibleng ihatid siya ng itay niya hanggang sa Tuguegarao gamit ang kanilang secondhand na sedan. Papunta nga lang sa kasalan ni Cindy sa Batangas ay panay na ang reklamo nito. Hindi siya sanay magmaneho lalo na kung malayuan.

Dinaanang nila si Cel sa clinic at sabay-sabay na silang lumabas ng school. Hindi na ito namilit na um-attend siya ng kasal nito. Alam nitong mahiluhin siya sa biyahe. Si Malou lang ang mapilit. Naghiwalay rin sila paglabas ng school gate. Ang dalawa ay sumakay ng jeep at siya ay tricycle.

## CHAPTER *Two*

*G*aya ng inaasahan ay hindi siya pinayagan ng principal nila. At lihim niyang ipinagpapasalamat iyon.

“Kasama mo naman ang boyfriend mo,” aniya sa naghihimutok na si Malou.

“Siyempre sa haba ng biyahe baka magkasawaan kami.”

Nailing na lang siya. “Wala tayong magagawa. Hindi pumayag si Mr. Dela Rosa. Alangang hindi ka pumunta, eh, abay ka.”

“Ihahanap kita ng jowa d’un.”

“Huwag mo na ngang isipin iyon. Ako nga hindi ko ’yun iniisip. ‘Yung gown mo muna ang asikasuhin natin.”

Sumimangot ito. Malaki ang isinikip ng gown na tinahi para rito. “Next week na iyon, hindi ko na kayang mag-diet.”

“Kaya nga hahanap tayo ng mananahi.”

“Bakit kasi nakabakasyon si Manang Beth?” reklamo nito, ang tinutukoy ay ang pinagpapatahan nila ng mga uniporme. Dumating ang anak ng ginang galing Japan kasama ang asawang Hapon at isinamang magbakasyon si Manang Beth sa Palawan. “May mananahi ba sa inyo?”

“Meron yata pero daanan natin mamaya para sigurado.”



Iiling-iling ang mananahi nang sukatan ng panibago si Malou. Kulay dilaw ang gown, may maikling manggas, may kalaliman ang V-neckline at mermaid style ang hemline.

“Parang gusto n’yo hong sabihing magpatahi na lang ako ng bago, ano?” ani Malou.

Ngumiti ang mananahi. “Gusto mo ba? Kaso hindi aabot.”

“Kaya nga ho paki-repair n’yo na lang.”

“Magdadagdag tayo ng tela.”

“Sige ho, kung talagang kailangan,” dismayadong tugon ni Malou.

Tinapik niya ang balikat nito.

“Magda-diet na talaga ako,” sabi pa nito sa kanya. Ngumiti lang siya. Ilang beses na nitong sinabi iyon ngunit ito rin ang madalas magyayang kumain sa labas.



Si Toni na lang ang kumuha ng gown dalawang araw bago ang biyahe ni Malou at ng kasintahan patungong Tuguegarao. Bisperas ng alis nito, Sabado iyon, at nanonood siya ng TV nang malat ang boses na tinawagan siya nito. Parang galing ito sa pag-iyak.

“Naaksidente sa motor si Brando,” tukoy nito sa nobyo.

“Ano? Kamusta na ang lagay niya?”

“Andito pa kami sa hospital, pero okay na siya. Naka-cast ang binti niya at may konti siyang galos pero okay naman na.”

“Mabuti naman. Paano, eh, di mag-isa kang bibiyahe patungong Tuguegarao bukas?”

“Yun na nga, sis.” Kinabahan siya sa tono nito. Martes ang kasal ni Cel. “Hihingi sana ako ng pabor... nakausap ko na si Cel.”

“At...?” Ibinaba niya ang supot ng kinakaing chichirya at inayos ang salamin sa mata.

“Ikaw na muna ang proxy ko.”

“Hindi puwede, Malou. Alam mong mahiluhin ako sa biyahe. At wala akong kakilala roon maliban



kay Cel na siguradong abala.”

“Meron ka nang tutuluyan doon. Sasakay ka na lang ng bus. Naiempake ko na rin ang gown.”

“Hindi kakasya sa akin ang gown mo.” Mas payat siya sa kaibigan at mas matangkad.

“Nagawan ko na ng paraan. Tinahian ko nang konti.”

“At paano ang vacation leave ko? Makakagalitan ako ni Mr. Dela Rosa.”

“Sumaglit ako sa school kanina. Pinayagan ka niyang makapag-leave basta mapasukan ko ang dalawang subjects na itinuturo mo. At siyempre, hindi ko papabayaang ang advisory class mo.”

“Malou...”

“Sige na, please. Malulungkot si Cel kapag hindi nakarating kahit isa sa atin. Magtatampo iyon.”

Alam niya ang pagiging matampuhin ni Cel. “Pero, Malou, baka hindi rin ako payagan ni Nanay.”

“Naku, tinext ko na bago kita tawagan. Okay lang daw. Babalik ka rin naman ng Wednesday, eh. Isama mo si Insiang kung gusto mo. Two beds na ang kinuha naming kuwarto sa hostel.”

“Hostel?”

“Oo, dorm type. ’Yun lang ang nakuha namin sa Tuguegarao. Hindi kaya ng budget namin ang *AirBnB*. At hindi magaganda ang review ng ilang

maliliit na hotel.”

“May makaka-share ako sa room?”

“Animan ang isang kuwarto. So dalawa kayo ni Insiang at may apat pang guest kung fully-booked.”

“Paano kung lalaki ang ka-share namin?” tila magpa-panic na tanong niya.

“Takot ka ba sa lalaki, Toni?” seryosong tanong nito.

“Of course not. Pero siyempre estranghero pa rin ’yon.”

“May mga privacy curtains naman.”

“Ihanap mo na lang ako ng hotel.”

“Payag ka na?”

“Ayoko sa hostel. Ihanap mo ako ng hotel.”

“Sige, susubukan ko. Kaso nakapag-deposit na kami sa hostel.”

“Ako na ang magbabayad ng hotel. Basta ayoko ng may ibang tao at isasama ko si Insiang.”



Sumimangot siya nang yakapin ni Malou. Madaling-araw ng Linggo nang inihatid siya nito sa bus station mag isa. Hindi puwede si Insiang dahil may naka-schedule itong exam ng Lunes at Martes. Kahit anong pilit niyang mag-request na lamang ito ng special exam ay tumanggi ito.

“Pasensya na talaga, sis. Kung hindi lang

naaksidente si Brando, eh, kami talaga ang dadalo.”

Alam niyang nagli-live in na ang dalawa. Sikreto nga lang dahil baka makarating sa paaralan. Ayon kay Malou ay magpapakasal na ang mga ito sa sunod na taon at nag-iipon lang.

“Wala naman akong choice.” Binuhat na niya ang bag.

“Ingat ka. Mag-text ka agad. Uminom ka na ba ng *Bonamine*?”

Tumango siya. “Sana umepekto.”

Akala niya ay magiging maginhawa ang biyahe niya, pero pagdating ng La Union ay nahihilo na siya. Uminom ulit siya ng gamot ngunit tila hindi na umipekto. Nanlalata na siya mula sa pagkahilo at pagsusuka nang makarating ng Laoag. Marami pa ring pasahero ang bus at nang bumaba ang katabi niya ay laking pasasalamat niya. Nang huminto ang bus para mag-stopover ay hindi na siya bumaba. Ipinikit niya ang mga mata.

“Is this seat taken?” tanong ng baritonong boses.

Kahit nahihilo ay pumasok pa sa isip niya na masarap pakinggan ang boses ng nagtanong. Nagmulat siya ng mga mata. Matangkad na lalaki. Round eyes, hawklike nose and sensual lips. Kayumanggi at may pagkakulot ang buhok na manipis ang gupit sa gilid.

Umiling siya. Inilagay nito ang bagahe sa rack bago naupo sa tabi niya.

“Do you mind..?” tanong nitong nakatingin sa malaking bag niya sa kandungan.

“Ha?”

“Puwede ba nating ilagay sa rack ang bag mo? Medyo masikip and, as you can see, matangkad ako.” Ang tuhod nito ay nakasagad na sa unahang upuan.

Kumunot ang noo niya. Nasa bag na iyon ang plastic niya para sukahan, peppermint oil at white flower na kanina pa niya sinisinghot. “Yes.”

“Yes? You mean, you mind?” Parang di ito makapaniwala.

“Hindi puwede. Kailangan ko ang bag na ito rito.”

“It’s too big,” reklamo ng lalaki.

Umismid siya at agad nang kinalimutan na kanina ay naisip niyang guwapo ito.

*Guwapo nga, maarte naman.*

“Ayoko nga. At hindi ko kasalanan kung matangkad ka at hindi komportable.”

“I was just asking for a little consideration.”

“Hindi maliit na konsiderasyon iyon para sa akin. Pare-pareho tayong pasahero rito. Kung gusto mong kumportable ka eh di sana bumili ka ng sasakyan mo.”

She heard him mutter something under his breath. Pero hindi niya nalinawan kung ano iyon.

“Humanap ka na lang kaya ng ibang pwesto?” suhestyon niya rito.

Hindi na ito sumagot sa halip ay ibinaling ang tingin sa unahan ng bus. Ibinaling niya ang tingin sa labas ng bintana bagaman wala na halos maaninaw dahil sa dilim. Alas ocho pasado na at nagugutom na siya ngunit hindi niya gustong kumain sa pag-aalalang masukang muli.

Naalimpungatan siya nang huminto ang bus. Nasa Tuguegarao na sila. Tila ayaw pa niyang bumaba mula sa komportableng pwesto. Masarap sumandal sa balikat ng katabi, bukod pa sa mabango ito. Nanlaki ang mga mata ni Toni at agad nag-inat. Nilinga niya ang katabi. His lips curled into a smile.

“We’re here,” sabi nitong tumayo at kinuha ang bagahe nito bago walang-imik na tumalikod at sumunod sa mga pasaherong bumababa.

Tumayo siya at bitbit ang dalawang bags ay bumaba ng bus. Alas onse ng gabi ayon sa wristwatch niya.

Lumapit siya sa paradhan ng tricycle.

“*North Tourist Inn?*” banggit niya sa itinext na inn ni Malou. Nasa bayan lang iyon ayon sa kaibigan.

“Sakay na, ma’am,” sabi ng matandang driver.

Mga fifteen minutes ay naroon na sila. Pinigil niyang madismaya nang makita ang tatlong palapag na building. Ayon kay Malou ay ito na ang pinakamalapit sa wedding venue. Samantala, ang hostel ay nasa Baggao pa at halos tatlong oras papunta sa venue.

Luma na ang building at hindi well-lit ang premises. Binayaran niya ang tricycle driver at alanganing pumasok sa lobby.

“Manong?” Nakayupyop ang receptionist sa mesa. “Manong!” ulit niya sa mas malakas na boses.

Nag-angat ito ng mukha. Ipinagwalang-bahala na lamang niya ang tila pagsimangot nito mula sa pagkakagising.

“May reservation ho ako.” Binanggit niya ang pangalan at tumango ito bago kinuha ang logbook sa drawer.

“950 per night. 500 ang short time.”

“Sa Wednesday ako magche-check out,” sabi niya.

“Ikaw lang?” Tumango siya.

“Magbibigay na ba ako ng full payment?”

“Kahit kalahati lang. ’Yung balanse ay pag-check out mo na.”

Dinukot niya ang wallet at ibinigay ang kalahati ng sinabi nitong presyo.

“Halika, ipagdadala kita ng gamit hanggang sa kuwarto mo. May bagahe ka ba?”

“Ito lang po.” Dinampot nito ang mas malaking bag at nagpatiuna sa pag-akyat. May nasalubong silang pareha. Ang babae ay naka-spaghetti-strapped blouse at maikling shorts. Kumunot ang noo niya nang pisilin ito sa pang-upo ng kasamang receptionist. Nagtawanan ang dalawang lalaki.

“Bukas, Josie,” sabi ng receptionist.

“Oo ba,” sabi ng babae na nginitian siya bago nagpatuloy sa pagbaba.



Huminto sila sa unang kuwarto sa second floor. Binuksan iyon ng lalaki at kinapa ang switch sa gilid. Maliit ang kuwarto at may maliit na kama sa gitna. “Puwede bang palitan ang beddings?” May mantsa sa gilid niyon at bahagyang gusot.

Sumimangot ang lalaki. “Sige, ipapaakyat ko.”

Inilapag niya ang gamit sa lumang dresser at sinilip ang banyo. Pinigil niya ang mapasimangot sa hindi mabangong amoy mula roon. Luma at medyo madumi ang mga sulok. May mga buhok pa siyang nakita sa drainage.

“At puwede ho bang palinisan ulit ang banyo?”

“Bukas na ng umaga, kulang sa staff pag ganitong oras.” Hindi na nito itinago ang disgusto.

Tumango si Toni. “May available ho bang pagkain?” Umiling ito. “Sige ho, salamat.”

Tila naghihintay pa ito ng tip bago lumabas. Ini-lock niya ang pinto at muli ang pagkadismaya dahil walang extra lock maliban sa knob. Itinukod niya ang upuan sa knob bago tinungo ang banyo. Nakapagbihis na siya nang may kumatok.

“Sino ’yan?”

“Ma’am, magpapalit ho ng beddings,” sagot ng boses babae ng isang babae.

Binuksan niya ang pinto at bumungad ang may edad ng babae. Ngumiti ito sa kanya at pumasok.

“Kayo lang ho, ma’am?” tanong nito nang abutan niya ng fifty pesos na tip.

“Opo.”

“Sige ho. I-lock ho ninyo nang maige ang pinto. Nasa ibaba lang ho ako kapag may kailangan kayo,” sabi nito at magalang na nagpaalam. Muli niyang itinukod ang upuan bago nahiga.



Hindi agad siya nakatulog. Bukod sa hindi siya komportable ay tila may mga pabalik-balik na yabag at mga boses na nag-uusap sa labas. Tinatangay na siya ng antok nang marinig ang pagpihit ng knob. Hindi sana niya iyon papansinin at inaakalang nagkamali lang ng napuntahang kuwarto ang nasa



labas nang umulit iyon.

Naupo siya sa kama at tiningnan ang paulit-ulit na pagpihit niyon. Tumayo siya upang tanungin sana ang pakay ng nasa labas nang marinig ang anasan ng nasa kabila ng pinto.

“Baka mapahamak tayo nito,” sabi ng boses ng isang lalaki.

“Wala namang kasama, p’re. Nakita ko kanina. Maganda saka makinis.”

“Baka magsumbong iyan.

“Tatakutin natin, siyempre.”

Tila itinulos siya sa pagkakatatayo. Naiiyak na dinampot ni Toni ang cellphone at nag-type ng message para sa kaibigan.

“Ano iyan?” narinig niyang malakas na tanong ng isang boses mula sa labas.

“Rose, ikaw pala.”

“Ano’ng ginagawa n’yo? Bakit n’yo binubuksan ang pinto?”

“Akala namin bakante. Bababa na rin kami.”

“Siraulo kayo. Bumaba na kayo.”

Nakahinga siya nang maluwag nang marinig ang papalayong mga yabag. Hindi na siya nakatulog. Nagulat siya nang may kumatok.

“Sino iyan?”

“Si Manang Rose.”

Binuksan niya ang pinto at bumungad ang may-edad na babaeng nagpalit ng beddings.

“Hanggang kailan ho kayo dito, ma’am?” tanong nito nang papasukin niya.

“Sa Wednesday ho ako magche-check out.”

“Lilinis ko lang ho ang banyo ninyo at tapos na ang duty ko. At day-off ho ako bukas.”

Hindi siya nakasagot agad.

Hinawakan nito ang kamay niya. “Alam kong nagising ka n’ung may nagtangkang buksan ang pinto mo.” Tumango siya. “May malapit na resto bar dito at may mga pagkakataong may mga nakakaakyat na hindi naka-check in. Mahirap siguruhin ang kaligtasan mo lalo na’t nag-iisa ka. Kung may malilipatan kang iba ay mas magandang lumipat ka na.”

Tumango siya. “Iyon din po ang naisip ko.” Nakausap na niya si Malou at alalang-alala ito. Nagi-guilty rin daw ito at pinilit pa siyang dumalo. “May reservation ho ang kaibigan ko sa *Gerardo’s Hostel*.”

Tumango ito. “Mas mainam pa roon. Hihintayin kita sa labas at sasamahan kita hanggang sa sakayan.”

“Maraming salamat ho.”

“Walang anuman.”

Madali siyang nakapag-check out. Hindi na nagtanong ang lalaking receptionist na mukhang

---

tamad na tamad sa trabaho nito. Bitbit ang mga gamit ay lumabas na siya.

## CHAPTER *Three*

*A*ng *Gerardo's Hostel* ay isang malawak na resort. Mas malayo ito sa wedding venue kumpara sa nauna niyang tinuluyan, pero mas bago ito at mas maaliwalas. May security guard na agad sumalubong sa kanya. Ang reception area ay isang malaking kubo na nasa unahan. Ngumiti ang receptionist.

“Ma’am Toni?” kumpirma nito.

Tumango siya.

“Tumawag na po ulit si Ma’am Malou. Nakaayos na po ang tutuluyan ninyo. Puwede ko na po kayong ipahatid.” Sinenyasan nito ang binatilyo na kagaya nito ay nakauniporme ng bulaklaking polo at khaki shorts.

Lumapit sa kanya ang binatilyo at kinuha ang malaking bag na nakababa sa tabi niya.

“Ilan ang mga kubol?” tanong niya habang naglalakad sila. Pare-pareho ang materyales na kahoy at kawayan at cogon ang bubong.

“Anim ho para sa tig-anim na guests. Iyon ang mga bungalow style. At apat ho para sa doce. Yun naman ang mga two-storey.”

“Walang solo?”

Umiling ito. “Wala ho, ma’am. Sa bahay ho ng kapatid ng may-ari sa Laoag, may mga kuwartong puwede ang solo.”

“Walang kubo ang may-ari rito?”

“Wala ho. Nakikihalubilo ho si Ma’am Jaja sa guests.”

Pinauna siya nito papanhik sa balkonahe ng kubo. May mesa at upuang pang-apat na gawa sa paleta. Walang pinto kundi kurtina lamang na yari sa makukulay na shells. May dalawang malalaking bintana sa magkabilang gilid. Pumasok siya at iginala ang tingin. May maliit na reception area na may pang-apatang sofa. Sa kabilang bahagi ay may maliit na kusina at dining area.

“Puwede hong magluto,” sabi ng binatilyo.

Naramdaman niya ang pagkalam ng tiyan. Kagabi pa siya hindi kumakain. “Pero nagsi-serve

din kayo ng pagkain dito?”

“Opo, ma’am.” Dinampot nito ang laminated menu na nasa corner table, katabi ng telepono. Iniabot nito sa kanya iyon. “Para ho sa kitchen, security guard, at reception area lang ang telepono. Kung kailangan ho ninyong tumawag sa iba ay meron hong telepono sa reception area.”

Sinilip niya ang banyo. Malinis at may hot and cold shower. Kumpleto rin sa toiletries.

Binuksan niya ang pinto patungo sa kuwarto at tumambad ang tatlong bunk beds na may sapat na distansya mula sa isa’t isa.

“Ibaba n’yo lang po ang privacy curtains kapag kailangan at may alarm button ho tayo direkta sa guard kung may problema.” Lumapit ito at hinila ang tali para ibaba ang sinasabing kurtina bago itinuro ang alarm button sa tabi ng pinto. “May dressing rooms din po.” Itinuro nito ang maliit na pinto sa sulok ng kuwarto.

“Thank you.”

Nang lumabas ang binatilyong si Billy ay tumawag siya sa kitchen at nag-order ng pagkain. Naupo siya sa kama at muling iginalala ang tingin. Katabi ng dressing room ay ang anim na locker. Ang isa ay naka-lock. Sinulyapan niya ang dulong kama at nakitang may nakapatong na bag doon.

May kasama na pala siyang isang guest. Matapos ilagay ang gamit sa locker ay ibinaba niya ang kurtina sa gawi niya at nahiga. Hindi niya naitanong kay Billy kung babae o lalaki ang kasama niya sa room. Ganoon pa man, ang kabilang dulong kama malapit sa pinto ang inokupa niya at bakante ang gitnang kama.

Nakaidlip na siya nang tumunog ang bell sa balkonahe. Bumangon siya at paglabas niya ay nakita niya si Billy na may dalang tray ng pagkain.

“Order n’yo, ma’am,” nakangiting sabi nito.

“Salamat, tuloy ka.” Pumasok ito at inilapag sa dining table ang order niya.

“Ilagay na lang po ninyo sa balkonahe kapag tapos na kayo, dadaanan ko na lang po mamaya,” sabi nito bago nagpaalam.

Naupo siya at agad nagsimulang kumain. Ang order niya ay sizzling pork chop, kanin, at mami. Patapos na siyang kumain nang may tumikhim. Agad siyang lumingon sa pintuan, ngunit ang inihandang ngiti ay agad naglaho nang makilala ang nakatayo roon.

“Ikaw...” Ang nakatabi niya sa bus ang nasa pintuan.

Umangat ang kilay nito na tila hindi siya natatandaan. Ang suot nito ay sando at board shorts.

Naalala niyang malapit sila sa dagat.

“Ikaw ang roommate ko?” Hindi niya itinago ang disgusto.

“Kung feeling mo wala kang choice, wala rin akong choice.” May pagkasuplado ang tono nito. Dumerecho ito ref at uminom ng tubig sa isang tumbler na naroon bago siya muling binalingan.

Umiwas siya ng tingin.

“This is a hostel. Kung gusto mong solo ka sana nag-hotel ka.”

“I tried,” wala sa loob na sabi ni Toni.

“And?” Kumunot ang noo nito.

“Wala ka nang pakialam d’un.” Tinapos na niya ang pagkain. Binuksan nitong muli ang ref at mayamaya ay nagbaba ito ang pitsel ng tubig sa harap niya. Kumuha siya ng paper cup na nasa gitna ng dining table.

“Andito ako for a week. We can at least be civil with each other, if not polite.”

“Antipatiko ka kasi.” Nagsalin siya ng tubig sa baso niya.

“Me? Antipatiko? At ikaw naman ay masungit.” Naiiling na tumalikod ito at iniwan siya.

Inilabas niya sa balkon ang pinagkainan at ipinatong sa mesang naroon. Naupo siya at tinanaw ang paligid. She felt peaceful. Sa kabila ng takot



na naramdaman niya sa unang hotel ay gumaan ang pakiramdam niya sa bagong kapaligiran. May natanaw siyang ilang guests na patungo sa dagat. Nang maalala ang kasalang dadaluhan kinabukasan ay tinatamad siyang tumayo at muntik pang mabunggo sa bulto ng papalabas na lalaki.

Sa pag-urong niya ay tumama ang balakang niya sa kanto ng upuan. Napangiwi siya at bahagyang nawalan ng balanse. Agad ang pag-abot sa kanya ng lalaki sa pag-akalang matutumba siya. Ang kamay nito ay lumanding sa may puwitan niya. Nanlaki ang mga mata niya at itinulak niya ito.

“Bastos!”

Umatras ito at itinaas ang dalawang kamay. “Chill. Hindi ko sinasadya iyon, ang akala ko ay matutumba ka. I’m sorry.” Hindi nito naitago ang pigil na ngiti na lalong nagpakunot sa noo niya.

“Sa dinami-dami ng puwedeng hawakan, talagang manyakis ka lang.” Humalukipki siya.

Sumeryoso ang mukha nito. *Ang OA ko na ba?*

“I already apologized. At kung manyakis ako, sa bus pa lang hinipuan na kita. Imagine, mula Laoag hanggang Tuguegarao tulog ka at nakasandal sa akin.”

Nag-init ang mukha ni Toni sa pagkapahiya. “Magpapalipat ako ng kuwarto.”

“Go ahead,” patuya nitong saad at humakbang palabas ng cottage.

Umismid siya at lumabas din patungo sa reception. Nasa unahan lang niya ang lalaki. Nang tila maramdaman nito ang presensya niya ay lumingon ito.

“Hindi kita sinusundan,” sabi niya na tinawanan nito.

“Wala akong sinasabing gan'on.” Nagpatuloy na ito sa paglakad sa direksyon din ng reception area.



Sadyang binagalan ni Jeremy ang paglakad upang bahagyang makasabay ang masungit na dalaga. Muli niya itong nilingon at hindi napigil ang ngiti nang lalo itong sumimangot. Matangkad ito kaysa karaniwan. Sa katunayan, sa taas niyang anim na talampakan ay hanggang balikat niya ito. Slim, but curvy. At hindi naitago ng malaking salamin nito sa mata ang interesanteng mukha. Hindi ito kaputian, pero makinis ang kutis.

Nang masira ang sasakyan niya at kinailangan niyang sumakay ng bus ay may bakanteng upuan pa sa bandang likuran nito, ngunit pinili niya pa ring maupo sa tabi nito. He expected her to be friendly dahil maamo ang mukha nito, pero napakasungit pala. At natulog ito sa balikat niya buong biyahe.

At totoong kung may masama siyang balak dito ay nagawa na niya dahil tila napakahimbing ng tulog nito. Ilang beses niyang inayos ang ulo nito na nahuhulog sa balikat niya, gayundin ang bisig nito na napupunta sa harapan niya. Pero siyempre, hindi nito namalayan iyon at hindi nito alam ang tungkol doon. Bahagya niya itong pinauna nang malapit na sila sa reception, pero inunahan niya itong bumati sa receptionist.

Inirapan siya nito at, muli, hindi niya napigil ang ngiti.

“Hi, Sir J.” Ngumiti ang receptionist sa kanya bago bumaling sa dalaga. “Ma’am Toni.”

“Toni? Short for Antonia? Antoinette?” tanong niya rito. Hindi ito sumagot sa halip ay nakipag-usap na sa receptionist.

“Puwede ba akong magpalipat ng cottage?”

Napatingin sa kanya si Abby, ang receptionist. “May problema po ba, ma’am?”

“Ayoko siyang kasama.” Tinapunan siya ng tingin ni ‘Toni’.

Alanganing natawa si Abby sa pag-aakala sigurong nagbibiro ang kaharap.

“It’s true, Abby. She doesn’t like me,” sabi ni Jeremy. “At hindi ko rin siya gustong kasama kung may mapagpipilian.”

“Ahm...” Naawa si Jeremy sa hitsura ni Abby. “Puno po tayo ngayon, ma’am, kasi may mga bisita po ang may-ari at ang mister niya for their anniversary. Iyong kubol na lang po ninyo ang may bakante.”

Bumagsak ang mga balikat ni Toni.

“At naunahan n’yo lang po ako, pero itatanong ko nga po sana sa inyo kung darating pa ang kasama ninyo.”

*May kasama ito? Boyfriend?*

Umiling si Toni.

“Kung hindi na darating ang kasama n’yo, puwede po bang ibigay namin sa ibang guest ang reservation? Ire-refund na lang po namin ang ibinayad n’yo at bibigyan pa po namin kayo ng discount. Kung okay lang po?”

Nakita niya ang pagkalito sa mukha ni Toni.

“Regular guest ba?” tanong niya.

“Hindi po, sir.”

“Bisita nina Jaja?”

“Hindi rin po.”

Bumaling siya ng tingin kay Toni. Tila hindi ito makapagdesisyon.

“Siguro okay lang.” Tila tanong iyon na lumabas mula sa bibig nito.

Nagkibit balikat siya. “It’s your reservation.”

Tumango ito. “Sige, okay lang. Para naman hindi lang ’to ang kasama ko.” tukoy nito sa kanya.

“Babae ba?” tanong niya.

“Lalaki po,” sagot ni Abby.

Muli, ang tila nag-aalanganing tingin ni Toni. Nang mapansin nito ang pagtatanong sa mga mata niya ay muli itong tumango.

“Sige, okay lang.” Tumalikod na ito pabalik sa cottage.

“Bagay kayo, sir,” sabi ni Abby na parang kinikilig pa.

Natawa si Jeremy. “Hindi ko type ang masusungit.”

“Ano nga po pala’ng kailangan n’yo, sir?”

“Kelangan ko ng sasakyan para bukas.”

“Sige po, sir. Okay na kay Mang Jun.”



Nakapag-shower na siya nang muling bumalik ang lalaki. Iginagayak niya ang gown na susuotin kinabukasan. Kinuha nito ang towel at naghubad ng pang-itaas. Wala sa loob na hinagod niya ng tingin ang katawan nito. Wide shoulders, ripped chest, and flat stomach. May maninipis na buhok sa dibdib, gumapang pababa sa may pusod nito. Bumaba pa ang tingin niya sa umbok sa harapan ng board shorts nito and she heard him chuckle.

Nag-iinit ang mukha na nag-iwas si Toni ng

tingin. Ipinagpasalamat niyang hindi ito nagsalita. Nagkunwa siyang abala sa inaayos na mga gamit at naramdaman itong pumasok ng banyo. Nang lumabas ito ay marahan niyang sinamyo ang mabangong amoy ng shower gel na ginamit nito.

“Like it?” tanong ng lalaki. Nilingon niya ito. Naka-boxer shorts lang ito at walang pang-itaas. Nag-iwas siya ng tingin.

“Alin?”

“Yung amoy ng shower gel ko? I swear, nakita kitang suminghot.”

“Hindi, ah.”

“At kanina, you were checking me out?”

*Oh dear!* “Lalong hindi!”

Hindi ito sumagot. Nilingon niya ito. Nakaupo ito sa kama at pinapanood siya. Naiinis na hinila niya ang tali ng privacy curtains.

“Hindi ka pa kumakain.”

“Nakalimutan ko.” Totoo iyon.

“Kumain na ako sa dining area. Gusto mo bang itawag kita ng food?”

Napalingon si Toni sa gawi nito sa kabila ng kurtina. “Ako na lang mamaya. Salamat.”

“Hanggang alas nueve lang ang kitchen.”

“Oh. Okay.” Tumayo siya at nagtungo sa telepono. Matapos mag-order ay muli siyang

bumalik sa puwesto. “Hey,” tawag ng lalaki. “My name’s Jeremy.”

“Toni,” maikli niyang sabi.

“Short for...?”

“Antonia.” She heard him chuckle and she smiled.

“Hey, Toni, gusto mo bang lumipat dito?”

Napamulagat siya. “Pervert!”

Natawa ito. “Sorry! Ang ibig kong sabihin, kung gusto mong dito ka sa puwesto ko dahil mas may privacy dito kaysa sa puwesto mo na malapit sa pinto.”

“Sorry, akala ko...” Napahiya siya. “Okay na ako rito.”

“Are you sure?”

“Oo. Salamat.”

“Wow.”

“Anong ‘wow’?”

“Parang bumabait ka na sa akin.”

Pinigil niya ang mapangiti.

“Just in case na magbago ang isip mo, sabihin mo lang. Bukas daw ng hapon darating ang guest.”

“Okay. Salamat ulit.”

Alas cinco ng umaga ay gising na si Toni at nagulat pa nang makitang nakaligo na si Jeremy. Kalalabas lang nito ng banyo at nakatapis ng tuwalya.

Siya naman ay papasok ng banyo.

“O, bakit ang aga mo?” wala sa loob na tanong niya.

His gaze traveled down her body. Bahagyang nagtagal ang tingin nito sa dibdib niya.

“Ikaw rin maaga,” pansin nito sa halip na sagutin ang tanong niya.

“May dadaluhan akong kasal.”

“Where?”

“Sa *Callao Cave*.”

“Really? May sasakyan ka na ba papunta roon?”

“Wala bang tricycle na maghahatid doon?” tanong ng dalaga.

“I don’t think so.” Tila naaalih ito sa kanya.

“Nakalimutan kong sabihin sa reception kahapon na kailangan ko ng masasakyan papunta roon,” sabi niya kasabay ng paglalakbay ng mga mata sa katawan ng binata. Muli, huminto ang tingin niya sa umbok sa harapan nito.

*Bakit parang mas maumbok ngayon?*

“Sumabay ka na sa akin.”

Napatingin siya sa mukha ni Jeremy. “Maligo?” wala sa loob na tanong niya. Nag-init ang mukha ni Toni nang tumawa ang lalaki at nang ma-realize niya ang sinabi.

“Much as I’d love to take a bath again with you,



baka ma-late ako sa pupuntahan ko. To be clear, ang inio-offer ko ay ang sasakyan papunta sa *Callao Cave*.”

“Pupunta ka rin?”

“Kabarkada ko noong high school ang ikakasal nila at dadalo ako.”

“Talaga? Sige. Maliligo na ako.”

“Puwede bang sumabay?” His eyes gleamed playfully and she rolled her eyes. Mabilis siyang tumalikod at kinuha ang tuwalya patungo sa banyo.

## CHAPTER *Four*

*S*i Toni na kaya ang puwedeng sagot sa problema niya?

Ang malaking lupa ng lola ni Jeremy na ngayon ay ginawa niyang taniman ng bawang sa Bangui ay pinagbabantaang bawiin ng matanda kung hindi siya mag-aasawa on or before his thirty-fifth birthday. Halos anim na buwan pa bago ang birthday niyang iyon, pero mukhang seryoso ang abuela. Ni ayaw nitong pumayag na bilhin na lamang niya ang lupa.

Ayon sa lola niya ay mas pipiliin nitong ipamana iyon sa kapatid niya sa ama kaysa ibenta sa kanya. Ang problema ay wala siyang seryosong girlfriend. Hindi siya palikero, lamang ay walang nagtatagal

na relasyon. At kung meron man siyang girlfriend ay wala siyang planong yayain iyong magpakasal. Iyon ang problema niya, ayon sa kapatid, takot siya sa commitment.

Bata pa siya nang maghiwalay ang mga magulang nila. Wala pang apat na taon ang bunso niyang kapatid at siya ay walong taong gulang noon. Sa ngayon, ang ina nila ay nasa Canada kasama ng kapatid nito at hindi na nagkaasawa. Taon-taon ay umuwi ito at nagbabakasyon sa Laoag. Ang kanilang ama naman na anak ng lola nila ay nasa La Union at may bago nang pamilya. May isa silang stepbrother sa ama. Silang dalawang magkapatid ay sa lola nila lumaki.

Noong una ay nasa poder sila ng papa nila ngunit nang magkaroon ito ng sariling pamilya ay kinuha sila ng lola nila. Nagseselos kasi ang asawa nito sa kanilang magkapatid at nag-aalala ang lola nila na umabot sa puntong pag-awayan pa sila. Kaya bagaman regular nilang nakikita ang papa nila ay hindi sila naging masyadong malapit dito.

*At ngayon ay gugustuhin pa ng lola niya na ipamana kay Steve ang lupa nito kaysa bilhin niya!*

Hindi siya sigurado kung tototohanin ng lola niya ang banta. Pero paano nga kung nag-uulyanin na ito? Minsan ay tinatawag siya nito sa pangalan

ng papa niya.

If things would work out, Toni could pretend as his wife hanggang mailapat sa pangalan niya ang lupa.



Matapos isampay ang tuwalya sa towel rack ay humarap sa salamin si Toni upang mag-toothbrush. Natutop niya ang bibig nang mapagtanto ang suot. Bagaman naka-pajama pants siya at malaking T-shirt, manipis ang huli at plain white. At wala siyang bra! Her nipples were visible and erect.

*At siguradong napansin ni Jeremy iyon!* Nailing na tinungo niya ang shower stall at naligo nang mabilis.

Wala ang binata nang lumabas siya. Mabilis niyang kinuha ang gown at dinala iyon sa dressing room. Napangiwi siya nang maisuot iyon. Okay sana ang lapat puwera sa dibdib. Maluwag iyon at isang maling galaw ay masisilip ang dibdib niya. Hinalughog niya ang gamit, pero hindi niya makita ang silicon bra at ang nipple tape na binili niya.

Naglabas siya ng tissue at isiniksik iyon sa dibdib. Ni wala siyang perdible or safety pin para i-secure ang tissue.

*Puwede na.* Dismayadong lumabas siya ng dressing room.



Ang akmang paghigop ng kape ni Jeremy ay hindi natuloy nang lumabas ng dressing room ang dalaga. Bahagyang nakakunot ang noo nito.

“You look beautiful. What’s wrong?” tanong niya.

“Hindi maganda ang lapat ng gown,” reklamo nito. Inayos nito ang bandang baywang.

“It looks fine to me.” Plunging ang V-neckline ng gown at muli naalala niya ito kanina paglabas niya ng banyo. Bahagyang magulo ang buhok, and without her glasses, lutang ang ganda ng maamong mukha nito. Toni was unaware of how beautiful she was. Iyon marahil ang nagdadagdag ng karisma nito. Kahit bagong gising ay maganda ito. At tila nakalimutan nitong manipis ang suot nitong shirt nang magkaharap sila. Her breasts were teasing him and he admired his self-control na nagawa niyang hindi na muling ibalik ang tingin sa dibdib nito kanina.

“Basta! Hindi maayos.”

“Halika, kumain ka na. I ordered breakfast for the two of us.”

Naupo ito sa harap niya at nagtimpla ng kape. She must be one of those girls who were naturally beautiful.

“Hindi mo na ba aayusin ang buhok mo or magmi-makeup?” tanong niya habang kumakain ito. Masarap titigan ang mukha nito.

“Ay, oo nga! Pero kakain muna ako.” She smiled and he was fascinated.

“Wow.”

“Ha?”

“Nothing.” Nahiya siyang aminin na parang mas lumiwanag ang paligid nang ngumiti ito.

*Damn, saan niya nakuha iyon?*

Matapos kumain ay nagpaalam itong magtu-toothbrush at kinuha na ang mga gamit. Inilabas niya sa balkon ang pinagkainan nila at muling naupo sa dining chair. Inilapag ni Toni sa dining table ang mga gamit pang-makeup at sinimulang mag-ayos.

“Panonorin mo talaga ako?” tanong nito habang naglalagay ng mascara.

Ngumiti siya. “I find it interesting, for the first time.” Napako ang tingin niya sa mga labi nito nang mag-apply ito ng lipstick. Suddenly, he wanted to know if her lips were as soft and as sweet as they looked. Napalunok siya.

“Okay lang ba?” tanong nito, tila hinihingi ang opinyon niya sa pagkakaayos ng mukha nito.

Tumango siya. He couldn't find the words to tell her how lovely she looked.

Sinuklay lang nito ang mahabang buhok at nilagyan ng silver hairpin sa gilid.

“Tara na.” Tumayo ito at kinuha ang maliit na purse. Nagpatiuna ito paglabas at speechless pa rin na sumunod siya.



Naalimpungatan si Toni nang huminto ang van. Agad itong dumerecho ng upo mula sa pagkakasandal sa balikat niya.

“Nakatulog ako!” bulalas nito.

He grinned. “I didn’t mind.” *Your hair smells delicious.*

Natatarantang kinuha nito ang compact powder sa purse at tiningnan ang sarili. Inilabas nito ang suklay at hinagod ang buhok na bahagyang nagusot.

Nagpatiuna siyang bumaba at akmang aalalayan ito nang mapako ang tingin sa dibdib nito at kumunot ang noo.

“What...?”

Niyuko nito ang sarili at namumulang inayos ang dibdib.

“Ano iyon?” Inalalayan niya ito.

Inirapan siya nito.

“Tissue ba iyon?” Nakababa na ito at nakatayo sa harap niya. Hindi niya binitiwang braso nito at namumula pa rin ang mukha ng babae.

“Oo na.”

“Why?”

“Maluwag kasi ang gown sa dibdib.” Mabilis nitong ipinaliwanag na proxy lang ito at hindi talaga rito ang gown. “Kaya ’ayun, nilagyan ko na lang ng tissue para hindi masilip.”

“Wala kang bra?” Buti na lang at hindi niya nailakas iyon.

Tumango ito. “Hindi ko pala nadala iyong silicon bra at nipple tape.”

“Damn...” Napalunok siya kasabay ng pagtugon ng katawan sa imaheng naglalaro sa isip niya. Awtomatikong muling bumaba ang tingin niya sa dibdib nito. “Hindi ka ba makikitaan?” He suddenly felt protective. And possessive.

Yumuko ito at inayos ang tissue. “Hindi naman siguro.”

“Nakakainggit ang tissue,” wala sa loob na nasabi niya. Nag-angat ito ng tingin sa kanya.

“Ano?”

“Nothing. ’Ka ko ingatan mong masilipan ka.” Inalalayan na niya ito paakyat sa *Callao Cave*.



May mangilan-ngilan na silang bisitang nakakasabay papanhik at hinihinal na siya. Wala sa loob na humawak siya sa bisig ni Jeremy. Nilinga



siya nito at ngumiti.

“Tired already? Malapit na tayo.”

“Kung alam ko lang na ganito kalayo ang lalakaran ay nagtsinelas na lang muna sana ako.”

“Sorry, hindi ko nasabi sa iyo.”

“Okay lang. May tissue ka ba?”

“Wala, panyo lang.” Dinukot nito ang panyo at iniabot sa kanya.

“May panyo ako. Ilalagay ko sana sa...” Inginuso niya ang dibdib at napahalakhak ang lalaki.



“Manang Rose?” Idinantay niya ang balikat sa matandang babae. Tapos na ang wedding ceremony at kinukunan na lamang ng pictures ang mga ikinasal.

“Andito ka rin pala,” nakangiting sabi ng matanda.

“Kaibigan ko ho ang bride.” Naupo siya sa tabi nito.

“Isinama lang ako ng anak ko, kakilala niya ang groom.” Itinuro nito ang anak na kabilang sa grupo ng mga abay.

“Maganda ho ang anak ninyo.”

“At mabait na bata iyan,” may pagmamalaking sabi ng ginang. “Ikaw ba ay may asawa na?”

Umiling siya.

“Biyuda na ako at nag-iisa kong anak iyan. Magpapakasal na iyan sa sunod na taon. Taga-Pampanga ang lalaki.”

“Naku malayo ho pala rito.”

“Iniisip ko nga na magkakalayo kami, pero noong isang linggo kinausap nila akong magkasintahan. Isasama nila ako sa Pampanga.”

“Maige naman ho.”

“Hindi iyan papayag na magkalayo kami. Alam mo, ineng, hindi ako maswerte sa asawa, pero napakaswerte ko sa anak. Napakabait na bata. Hindi ko naman kailangang magtrabaho sa inn na iyon, sa totoo lang. Kaso naiinip ako sa bahay. Teacher iyan.” Puno ng pagmamalaki ang tinig ng ginang.

“Teacher din ho ako.”

“Aba, ay may kasintahan ka na ba?”

Umiling siya.

“Akala ko ay tatandang dalaga ang aking anak. Ikaw ay maganda naman, bakit wala kang kasintahan?” Si Manang Rose.

Natawa siya. “Wala hong magkamali.”

“Ilang taon ka na ba?”

“Thirty-one ho.” Napangiwi siya sa reaksyon ng matanda.

“Kung hindi ka magkakaasawa ay magbuntis ka na lang. Malay mo maswerte ka rin sa anak. Ang mga

lalaki ngayon, karamihan sakit lang sa ulo ng asawa.”

Natawa si Toni. “Tama ho kayo.”

“Aba ay seryoso ako, magbuntis ka na lang kung ayaw mong mag-asawa. Sayang ang lahi mo.”

Bago pa siya nakasagot ay tumikhim si Jeremy.

“Shall we?” Nag-aalisan na ang ilang panauhin. Ipinakilala niya ang binata kay Manang Rose bago sila nagpaalam dito.

“Bagay kayo, mukhang maganda rin ang lahi ng isang ’to. Pag-isipan mo ang sinabi ko,” bulong sa kanya ng matanda.

Natawa siyang muli ngunit hindi nagbago ang seryosong mukha ng matanda.



Dumerecho sila sa isang events place malapit sa *Callao Cave*. Piling kaibigan at kamag-anak lang ang bisita at tuwang-tuwa si Cel na nakadalo siya. Lihim din siyang tinukso nito kay Jeremy na hindi humiwalay sa tabi niya. Akala tuloy ng ibang bisita ay matagal na silang magkakilala ng binata.

Si Manang Rose ay nasa malayong mesa nakapuwesto, pero tila nanunudyo tungkol sa mungkahi nito kay Toni na magpabuntis na lang siya. Nahuhuli kasi siya nito sa tuwing mapapatingin siya kay Jeremy.

Hindi inihagis ni Cel ang bulaklak at sa halip ay

iniabot sa kanya. Pinagpapawisan siya nang ihagis ng groom ang garter. Inayos niya ang salamin sa mata at hindi alam kung matutuwa o mailang na si Jeremy ang nakakuha niyon. Matangkad ang lalaki at hindi nakakagulat na ito ang nakasalo.

Nang maupo sila sa gitna at ilipat sa kanya ang garter ay lalo siyang pinagpawisan.

“Taas pa!” kantiyaw ng grupo ng mga kalalakihan na nalaman niyang kabarkada ni Jeremy at ni Edwin.

Alanganing ngumiti sa kanya si Jeremy. Ang palad nito ay nasa may bandang tuhod na niya.

“Okay ka lang ba?” tanong nito.

Tumango siya.

“Taas pa, bro!” kantiyaw ni Edwin. Pinandilatan niya ito.

Naramdaman ni Toni ang pagtaas ng kamay ni Jeremy sa bandang itaas ng tuhod niya.

“Taas pa!” Nakikantiyaw na si Cel.

Marahan siyang napasinghap nang tumaas pa ang palad ng binata. Mahigit kalahati na ng hita niya ang naabot nito. She met his stare. His eyes were dark and hot. Tila kasing-init ng palad nito na nasa hita niya.

“Okay na,” awat niya. Ramdam niya ang pamumula ng mukha. And she wanted his hands off her. Hindi sa dahilang hindi niya gusto ang haplos ni

Jeremy, kundi dahil tila nakukuryente siya sa bawat dantay ng palad nito.

Umunat si Jeremy at ngumiti sa mga bisita.

“Kiss! Kiss! Kiss!”

“Baka may magalit,” tila game na sabi ng binata sabay baling sa kanya.

“Wala...” wala sa loob na sagot niya. Lalong nagkaingay ang mga bisita.

“Kiss!”

Yumuko si Jeremy at mabilis siyang dinampian ng halik sa pisngi.

“Sa lips!” pangungulit ng mga kabarkada nito.

Natatawang umawat na ang host bago pa nakapag-react ang isa sa kanila. Inalalayan siya ni Jeremy pababa ng stage patungo sa mesa nila.

“Sorry about that,” sabi ng binata nang makaupo sila.

Agad siyang uminom ng tubig. “Okay lang.”

“So, teacher ka pala,” sabi ng binata. Ipinakilala siya kanina ni Cel na kaibigan nito at teacher din sa pinapasukan nitong school. “Kaya ka pala masungit.”

Pinandilatan niya ito. “Hindi kaya.”

“Masungit!” sabi ng binata at nagsimulang kumain.

Nangingiting kumain na rin siya.

Gabi na sila nakarating sa resort. Ang kaninang

mahinang ulan ay malakas na ngayon at tila bagyo na. Humiram sila ng payong sa reception area at magkasukob na tinungo ang cottage. Halos basa na rin sila nang makarating doon.

Natigilan siya nang mapansing may natutulog na sa gitnang kama. Dapat pala ay pumayag na siya sa alok ni Jeremy dati na siya ang umokupa sa dulong bed at ito ang umokupa sa gitna. At least, mas kilala niya si Jeremy mas malapit man ang higaan nito sa kanya, taliwas sa bagong dating na guest na estranghero sa kanilang pareho.

Napaigtad siya nang malakas na humilik ang lalaki. Mahinang natawa si Jeremy.

“Shh...” saway ni Toni.

“Dapat pumayag ka na sa offer ko na makipagpalit ng bed,” sabi nito.

“Kaya nga.” Nagsungit kasi agad siya at napahiya. Iniisip lang naman ng lalaki ang posibilidad na may lalaking guest silang makakasama.

“Mauna ka na sa banyo,” sabi nito habang tinatangal ang butones ng long sleeves nito. Wala sa loob na pinanood niya ito. “Or sabay tayo?” may panunudyo sa tinig nito ngunit seryoso ang mga mata.

“Tse!” Kumuha siya ng towel at malinis na damit at tinungo ang banyo.



*Ano nga kaya?* Ang ideyang magbubuntis siya ay tila nakapagpapa-excite sa kanya. Tama si Manang Rose, bihira na ang swerte sa love life. Siguro naman ay matatanggap ng mga magulang niya kung magkaapo ang mga ito nang walang manugang?

Hindi nga ba at excited na ang mga itong magkaasawa siya? Marahil ay mas mae-excite ang mga ito sa posibilidad na magkaapo. At kung mahihinto siya sa pagtuturo ay siguradong hindi siya magugutom dahil may kabuhayan ang kanyang mga magulang. Siguradong hindi siya pababayaan ng mga ito. Isa pa, may sapat din siyang savings hanggang sa lumaki ang bata at puwede na siyang magtrabaho ulit o magnegosyo.

Sa banyo na siya nagbihis at nang lumabas ay nabungaran si Jeremy na naka-shorts lang at walang pang-itaas. Sa balikat nito ay ang tuwalya. Muli, naglakbay ang mga mata niya sa katawan nito.

Kung magiging sperm donor niya ito, hindi na masama.

“Parang may masama kang balak d’yan sa pagkakatingin mo sa akin,” sabi nitong humakbang palapit.

“Wala, ah!” Lumihis siya rito ngunit humarang ang binata.

“Just in case...”

She met his gaze.

“I’m easy.” His lips curved into a sexy smile.

“Pag-iisipan ko,” nauutal na sabi niya. Nanlaki ang mga mata niya nang maisip kung ano ang nasabi niya nang matawa ang binata. “Ay, nagbibiro ka, di ba? Nagbibiro lang din ako.”

His smile widened.

*Perfect teeth and amazing dimples, naisip ni Toni.*

“Puwede ring hindi,” sabi ng binata.

*Is he flirting with me? Ano ba’ng isasagot ko?*

Mahinang natawa ang binata sa pagkalito at panic na nasa mukha niya. Umiwas ito para makadaan siya.

“Good night, Toni,” sabi nito.

Mabilis siyang lumayo at tinungo ang higaan. Ang lakas ng kabog ng dibdib niya. Gusto niya ang ideyang tila pini-flirt siya ng binata.

*As a sperm donor, he would be perfect, Toni!*

Nag-panic siya nang maisip na baka maturnoff ang binata sa kawalan niya ng experience. Ni hindi niya alam kung paano ito sasagutin. Baka pinagtatawanan na siya nito. Dismayadong nahiga siya at nagkumot. Hindi na niya namalayan nang lumabas ito ng banyo.